Republika ng Pilipinas
# Kagawaran ng Edukasyon
**Sangay ng mga Paaralan ng Benguet**

Marso 31, 2022

Memorandum Pansangay
Blg. 114, s2022

DepEd-Benguet Division
APR 06 2022
RELEASED

Sa mga: Pandistritong Tagamasid ng mga Pampublikong Paaralan
Punong-guro/Ulong-guro
Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino (Elementarya at Sekondarya)
Mga guro ng Filipino sa Elementarya at Sekondarya

**TERTULYAhan SA BUWAN NG PANITIKAN 2022**

1. Sa pangunguna ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), at Pambansang Lupon para sa Pagpapaunlad ng Aklat (National Book Development Board – Philippines), isinasagawa tuwing buwan ng Abril ang Buwan ng Panitikan alinsunod sa Proklamasyon Bilang 968 na nilagdaan noong 2015 upang bigyang-pagpapahalaga ang mga akdang pampanitikan ng Pilipinas.

2. Ngayong taon, ipinagdiriwang ang Buwan ng Panitikan 2022 sa temang "Muling Pagtuklas sa Karunungang-bayan" bilang paghihikayat at paraan ng pagpapasigla ng interes ng kasalukuyan at nakaraang henerasyon pagdating sa pag-aaral, muling pagtuklas, at pangangalaga sa mga kuwento at karunungang-bayan at ng iba't iba nitong mga porma at anyo.

3. Sa kabila ng sitwasyong pangkalusugan sa kasalukuyan, magkakaroon ng pagdiriwang sa mga paaralang pampubliko at pribado sa Sangay ng mga Paaralan ng Benguet na may pagtalima sa mga alituntunin ng *COVID-19 Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases*. Tampok sa pagdiriwang ang pagsasagawa ng TERTULYAhan sa Buwan ng Panitikan 2022 na lalahukan ng mga mag-aaral at kaguruan.

Address: Wangal, La Trinidad, Benguet
Telephone Number: (074) 422-6570
Email: benguet@deped.gov.ph
Facebook Page: DepEd Tayo Benguet

IYAMAN
Integrity Yields Accomplishments Mobilizes Advancement Nurtures Excellence
ISO 9001:2015 CERTIFIED MANAGEMENT SYSTEM
IAS ACCREDITED

4. Layunin ng TERTULYAhan sa Buwan ng Panitikan 2022 na malinang pa ang mga kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mga tiyak na layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. mapagtibay ang pagkamit ng mga mag-aaral ng mga kasanayang pampagkatuto sa wika at panitikan sa pamamagitan ng mga paligsahan;
   b. mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral at mga guro na patuloy na magkaroon ng ugnayan sa pagkatuto;
   c. malinang ang mga kasanayan sa sining at komunikasyon ng mga mag-aaral;
   d. maikintal sa mga mag-aaral ang pagpapahalaga sa sariling wika at panitikan.

5. Magkakaroon ng apat na paligsahan na lalahukan ng mga mag-aaral sa bawat pangunahing yugto o *key stage*:
   a. Muling Pagkukuwento ng Pabula para sa Baitang 1-3
   b. Madulang Pagbasa ng Alamat para sa Baitang 4-6
   c. Balagtasan para sa Baitang 7-10
   d. Madulang Sabayang Pagbigkas para sa Baitang 11-12

6. Gaganapin ang mga pampaaralang paligsahan hanggang sa Abril 26 at ipapasa ang mga nagwaging entri sa kanilang distrito hanggang Abril 28. Magaganap ang pagpili ng mga magwawagi sa pandistritong lebel sa Abril 29. Ipapasa naman ng mga pandistritong tagamasid o tagapag-ugnay ang mga entri nila para sa pandibisyong paligsahan hanggang Mayo 5. Ang mga magwawagi ay ihahayag sa Mayo 6, 2022.

7. Mabibigyan ng sertipiko ng pagpapahalaga ang mga kalahok at sertipiko ng pagkilala ang mga magwawagi ng una hanggang ikatlong puwesto sa pandistrito at pandibisyong paligsahan. Bukod sa mga sertipiko, makakatanggap ng pabuya ang mga magwawagi sa pandibisyong lebel.
   Unang Gantimpala – P3,000
   Ikalaang Gantimpala – P2,500
   Ikatlong Gantimpala – P2,000
   Ikaapat na Gantimpala – P1,125

8. Kalakip nito ang nakabalangkas na mga alituntunin at mga pamantayan *(Kalakip 1)*. Para sa paglilinaw, mangyaring magpadala ng mensahe sa cellphone bilang 0968-269-6391 o sa email address na norbert.lartec@deped.gov.ph

9. Para sa agarang diseminasyon at pagtalima.

**GLORIA B. BUYA-AO**
*Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan*

Kalakip: Gaya ng nakasaad

CID/rag/ncl

Republika ng Pilipinas
# Kagawaran ng Edukasyon
**Sangay ng mga Paaralan ng Benguet**

## KALAKIP 1: Mga Alituntunin at Pamantayan sa mga Paligsahan

### A. Muling Pagkukuwento ng Pabula

1. Panuntunan:
   a. Lalahukan ito ng mga mag-aaral sa una hanggang ikatlong baitang.
   b. Magkakaroon lamang ng isang entri mula sa bawat distrito.
   c. Ang kuwento ay dapat na mula sa Pilipinas at hindi mula sa ibang bansa.
   d. Ang naka-video na pagsasalaysay ay sa Filipino at hindi dapat lalampas ng limang minuto.

2. Mga Pamantayan

| | Percentage |
|---|---|
| 1. Delivery (Pronunciation, Articulation, Intonation) | 25% |
| 2. Fluency (voice expression, proper phrasing, speed, voice quality) | 25% |
| 3. Timing, Pacing, Projection | 20% |
| 4. Performance (level of confidence, eye contact) | 20% |
| 5. Time management | 10% |
| TOTAL | 100% |

### B. Madulang Pagbasa ng Alamat mula sa Benguet

1. Panuntunan:
   a. Lalahukan ito ng mga mag-aaral sa ikaapat hanggang ikaanim na baitang.
   b. Magkakaroon lamang ng isang entri mula sa bawat distrito.
   c. Ang alamat na babasahin ay dapat na mula sa Benguet.
   d. Ang naka-video na madulang pagbasa ay sa Filipino at hindi dapat lalampas ng limang minuto.
2. Mga Pamantayan

| | Percentage |
|---|---|
| 1. Delivery (Pronunciation, Articulation, Intonation) | 25% |
| 2. Fluency (voice expression, proper phrasing, speed, voice quality) | 25% |
| 3. Timing, Pacing, Projection | 20% |
| 4. Performance (level of confidence, eye contact) | 20% |
| 5. Time Management | 10% |
| TOTAL | 100% |

**Balagtasan (Baitang 7-10)**

1. Panuntunan:
   a. Lalahukan ito ng mga mag-aaral sa ikapito hanggang ikasampung baitang.
   b. Magkakaroon lamang ng isang entri mula sa bawat distrito.
   c. Ang piyesa ay "Dapat bang pagsabayin ang Panliligaw at Pag-aaral?"
   d. Ang entri ay naka-video alinsunod sa mga pamantayan sa ibaba.
2. Mga Pamantayan

| | Bahagdan |
|---|---|
| 1. Pagbigkas | 30% |
| 2. Pagkumpas at paggalaw | 25% |
| 3. Kasuotan | 10% |
| 4. Kabuoang Dating | 15% |
| 5. Masteri | 20% |
| KABUOAN | 100% |

**C. Madulang Sabayang Pagbigkas (Baitang 11-12)**

1. Panuntunan:
   a. Lalahukan ito ng mga mag-aaral sa Senior High School.
   b. Magkakaroon lamang ng isang entri mula sa bawat distrito.
   c. Ang piyesa ay "Makabagong Kabataan" ni Alfonso Santiago.
   d. Ang entri ay naka-video alinsunod sa mga pamantayan sa ibaba.
2. Mga Pamantayan

| | Bahagdan |
|---|---|
| 1. Pagbigkas | 30% |
| 2. Interpretasyon | 25% |
| 3. Kasuotan | 10% |
| 4. Kabuoang Dating | 15% |
| 5. Masteri | 20% |
| KABUOAN | 100% |